1

# Lingguhang Aralin sa GMRC

Kuwarter 1

Linggo 1

**Gawaing Pampagkatuto sa GMRC 1**
**Kuwarter 1: Linggo 1**

Ang materyal na ito ay gagamitin lamang para sa pagtuturo ng mga guro at pagkatuto ng mga mag-aaral sa MATATAG K to 10 Kurikulum. Layunin nitong maging batayan sa paghahatid ng mga nilalaman, pamantayan, at kasanayang pampagkatuto ng kurikulum. Ipinagbabawal ang anumang hindi awtorisadong pagkopya, pagrebisa, paggamit o pagbahagi ng materyal na ito. Anumang paglabag o hindi pagsunod sa itinakdang saklaw ay maaaring magresulta sa kaparusahan alinsunod sa legal na hakbang.

Ang ilan sa mga akdang ginamit sa materyal na ito ay orihinal. Pinagsumikapan ng mga bumuo ng materyal na makuha ang pahintulot ng mga manunulat sa paggamit ng iba pang akda at hindi inaangkin ang karapatang-ari ng mga ito.

Tiniyak din ang kawastuhan ng mga impormasyong nasa materyal na ito. Para sa mga katanungan o puna, maaaring sumangguni sa Tanggapan ng Direktor ng Kagawaran ng Eduaksyon – NCR sa pamamagitan ng pagtawag sa mga numerong (02) 85229412 o pagpapadala ng email sa ncr@deped.gov.ph.

Inilathala ng Kagawaran ng Edukasyon
Patnugot: Sara Z. Duterte
Ikalawang Patnugot: Gina O. Gonong

**Bumuo ng Materyal**

**Manunulat:** ANALINE C. VERGARA
**Tagasuri:** NIMFA A. HERNAEZ / PRECIOSA N. CABINBIN
**Pinaunlad ni:** LUCITA A. GENER
**Tagaguhit:**
**Tagalapat:** ALDRIN B. MARCELO

**JOCELYN DR ANDAYA,** *CESO IV*, Director IV
**CRISTITO A. ECO,** *CESO III*, Assistant Regional Director
**MICAH G. PACHECO**, OIC-Chief Education Program Supervisor, CLMD
**DENNIS M. MENDOZA**, Regional LR Education Program Supervisor
**ROLAND MONTES**, GMRC Regional Education Program Supervisor
**NORMINA B. HADJI YUNNOS**, LR Education Program Supervisor

| MATATAG Kto10 Kurikulum<br>Lingguhang Aralin | Paaralan: | TIMOTEO PAEZ ELEMENTARY SCHOOL | Baitang: | 1 |
|---|---|---|---|---|
| | Pangalan ng Guro: | | Asignatura: | GMRC |
| | Petsa at Oras ng Pagtuturo: | | Kuwarter: | 1 |

| UNANG LINGGO | UNANG ARAW | IKALAWANG ARAW | IKATLONG ARAW | IKAAPAT NA ARAW |
|---|---|---|---|---|
| **I. NILALAMAN, MGA PAMANTAYAN, AT MGA KASANAYANG PAMPAGKATUTO NG KURIKULUM** | | | | |
| *A. Pamantayang Pangnilalaman* | Natututuhan ng mga mag-aaral ang pag-unawa sa batayang impormasyon ng sarili. | | | |
| *B. Pamantayan sa Pagganap* | Naisasagawa ng mga mag-aaral ang pagsasabi ng mga batayang impormasyon ng sarili upang malinang ang tiwala sa sarili. | | | |
| *C. Lilinanging Pagpapahalaga* | Tiwala sa Sarili *(Self-Confidence)* | | | |
| *D. Mga Kasanayang Pampagkatuto* | Naipakikita ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng paggamit ng mga batayang impormasyon na mga angkop na sitwasyon<br>a. Nakakikilala ng mga batayang impormasyon ng sarili<br>b. Naiuugnay ang batayang impormasyon ng sarili sa mahalagang bahagi ng pagkilala dito<br>c. Naipahahayag ang mga batayang impormasyon ng sarili (hal. pangalan, edad, kasarian, magulang, tirahan, petsa ng kapanganakan, palayaw, mga gusto o hilig at paniniwala o relihiyon) | | | |
| *E. Mga Layunin* | a. Nasasabi sa harap ng klase na may pagmamalaki ang mga pangunahing batayang impormasyon tungkol sa sarili tulad ng:<br>• Kumpletong pangalan<br>• Katawagan/pala yaw (nickname)<br>• Edad<br>• Kaarawan (araw ng kapanganakan)<br>• Kasarian<br>• Tahanan (address) | b. Naiuugnay ang batayang impormasyon ng sarili sa mahalagang bahagi ng pagkilala dito sa pamamagitan ng pagkilala sa sariling mga katangian, hilig o kakayahan tulad ng: isports (kasama ang pagsasayaw), sining (pagguhit, pagpinta, pag arte, etc), musika (pag-awit, pagtugtog ng instrumento) | c. Naipahahayag ang mga batayang impormasyon ng sarili (hal. pangalan, edad, kasarian, magulang, tirahan, petsa ng kapanganakan, palayaw, mga gusto o hilig at paniniwala o relihiyon) | d. Naipakikita ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng paggamit ng mga batayang impormasyon, kakayahan, hilig o talent na mga angkop na sitwasyon |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | • Pangalan ng miyembro ng pamilya | | | |
| F. *Disenyong Instruksyunal* | *Context*<br>*Explore* | *Connection*<br>*Context* | *Collaboration*<br>*Creativity* | *Emphatize*<br>*Ideational* |
| G. *21st Century Skills* | *Interpersonal Skills* | *Interpersonal Skills* | *Interpersonal Skills* | *Interpersonal and Intrapersonal Skills* |
| H. *Integrasyon* | *SEL-Self Awareness* | *Reading and Literacy* | *Reading and Literacy* | *SEL-Social Awareness* |
| **II. NILALAMAN/PAKSA** | **Batayang Impormasyon sa Sarili** | | | |
| A. *Mga Sanggunian* | | Awit:<br>https://ph.video.search.yahoo.com/search/video?fr=mcafee&ei=UTF8&p=Natatanging+Kakayahan+Song+%7C+Kakayahan+Mo%2C+Ipakita+Mo%21+%7C+ESP+Educational+Videos+%7C+MiCath+TV++YouTube&type=E211PH885G0#id=1&vid=e5bd6624bab808e32fadfe428387b8ad&action=click<br>*Note to teachers:*<br>Maaari ding gumamit ng ibang video na available na katulad nito | | Awit:<br>https://ph.video.search.yahoo.com/search/video?fr=mcafee&ei=UTF8&p=Natatanging+Kakayahan+Song+%7C+Kakayahan+Mo%2C+Ipakita+Mo%21+%7C+ESP+Educational+Videos+%7C+MiCath+TV++YouTube&type=E211PH885G0#id=1&vid=e5bd6624bab808e32fadfe428387b8ad&action=click<br>*Note to teachers:*<br>Maaari ding gumamit ng ibang video na available na katulad nito. |
| B. *Iba pang Kagamitan* | Larawan, metakard, bola, kopya ng mag-aaral sa individwal na gawain | larawan, plaskard, kopya ng mag-aaral sa individwal na gawain | Cut-off ng mga letra | larawan ng mga talent o kakayahan, |
| **III. MGA PAMARAANG PANTURO AT PAMPAGKATUTO** | | | | |
| **Bago Ituro ang Aralin** | | | | |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Panimulang Gawain* | Itanong:<br><br>Sino ang iyong guro noong ikaw ay nasa Kinder?<br><br>May kakilala ka ba sa inyong klase na naging kaklase mo sa kinder?<br><br>Maari mo bang tukuyin ang kanyang pangalan, edad o kasarian, at iba pa tungkol sa kanya? | 1. Balik-aral:<br><br>Anu ano ang mga kakalamang dapat malaman upang maipakilala ang sarili?<br><br>2. Pagganyak:<br><br>Tanong:<br>Bukod sa mga pangunahi<br>ng impormasyon sa inyong tungkol sa inyong sarili, ano pa ang pagkakila mo sa iyong sarili?<br>Mayroon ka bang mga kakayahan,hilig o talento?<br><br>Ano-ano ang mga hilig ninyong gawin o mga talentong taglay?<br><br>Maaring magparinig o ipaawit ang video na tulad nito: “Natatanging Kakayahan”<br><br>Itanong:<br><br>1. Ano-anong kakayahan ang ipinakita sa awitin?<br><br>2. Mayroon din ba kayong ganitong hilig o kakayahan? | 1. Balik-aral:<br><br>Ano-anong mga kakayahan, hilig o talento ang ipinakita ninyo kahapon?<br><br>2. Pagganyak<br><br>Tanong:<br><br>Sino sa mga kaklase ninyo ang naging kaibigan na?<br><br>Ano ang kaniyang pangalan?<br><br>Tapikin ang balikat ng bagong kaibigan at sabihing:<br><br>“Ang ganda / gwapo mo.” | 1. Balik-aral:<br><br>Sasabihin ng guro:<br><br>Tawagin ang pangalan ng katabi at sabihin ang “Kumusta ka _______ ?” *(Sabihin ang pangalan)*”<br>2. Pagganyak:<br><br>Iparinig / Ipaawit muli ang ginamit na video<br>Itanong:<br>1. Sino ang may katulad na kakayahan sa mga napanood na bidyo?<br><br>2. Kaya din ba nating gawin ang naipakita sa bidyo?<br><br>Sabihin:<br><br>Lahat tayo ay may kani-kanyang taglay na kakayahan. |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Gawaing Paglalahad ng Layunin ng Aralin* | Sabihin:<br><br>Sa araw na ito inaasahang:<br><br>Masasabi sa harap ng klase na may pagmamalaki ang mga batayang impormasyon tungkol sa sarili tulad ng: kumpletong pangalan, katawagan/palayaw (nickname),edad, kaarawan (araw ng kapanganakan), kasarian, tahanan (address), at pangalan ng miyembro ng pamilya. | Sabihin:<br><br>Sa araw na ito kayo ay inaasahang:<br><br>Maiuugnay ang batayang impormasyon ng sarili sa mahalagang bahagi ng pagkilala dito sa pamamagitan ng pagkilala sa mga sariling katangian, hilig o kakayahan | Sabihin:<br><br>Sa araw na ito kayo ay inaasahang:<br><br>Maipahahayag ang mga batayang impormasyon tungkol sa inyong sarili (hal. pangalan, edad, kasarian, magulang, tirahan, petsa ng kapanganakan, palayaw, mga gusto o hilig at paniniwala o relihiyon) | Sabihin:<br>Sa araw na ito kayo ay inaasahang:<br><br>Makikilala nang may paggalang ang pagkakapareho at pagkakaiba sa galing at hilig ng mga mag- aaral.<br><br>Maipakikita ang tiwala sa sarili sa pamamagitan ng paggamit ng mga batayang impormasyon na mga angkop na sitwasyon |
| *Gawaing Pag-unawa sa mga Susing-Salita/Parirala o Mahahalagang Konsepto sa Aralin* | 1. Ipakikita ng guro ang mga salitang nakasulat sa mga metakard o maaring nakasulat sa pisara:<br>Kumpletong Pangalan<br>Kaarawan<br>Edad<br>Katawagan o Palayaw<br>Kasarian<br>Tahanan<br>Miyembro ng pamilya<br>2. Ipaliliwanag ng guro ang kahulugan ng bawat salita at | 1. Ihahawan ng guro ang mga salating may balakid tulad ng:<br><br>**katangian/talento-** ay tumutukoy sa likas na kakayahan, husay, o kakayahan ng isang tao sa isang partikular na larangan o gawain. Ito ay maaaring kaugnay sa sining, musika, pagsusulat, pagsasayaw, pagawit, magagandang kaugalian at marami pang iba.<br><br>**Hilig –** tumutukoy sa mga kakayahan o interes na gustong gawin ng isang tao.<br><br>Magpapakita ang guro ng mga larawan ng mga kilalang personalidad. | 1. Ilahad muli ang sumusunod na salita:<br><br>-kumpletong pangalan<br><br>-kaarawan<br><br>-katawagan/palayaw<br><br>-tahanan<br><br>-miyembro ng pamilya<br><br>-talento<br><br>2. Ipaliliwanag muli ng guro ang kahulugan ng mga | 1. Ipakikita muli ng guro ang larawan ng mga talento at ipakikilala/ipababasa ang mga salitang nakasulat dito.<br><br>Halimbawa:<br><br>-sumasayaw<br><br>-umaawit<br><br>-nagpipinta<br><br>-gumuguhit<br><br>-tumutula |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | magbibigay ng halimbawa.<br><br>**Pangalan**- ay ang pagkakakilanlan ng isang tao.<br><br>**Palayaw**- pinaikling pangalan/katawagan.<br><br>**Edad**-ang tawag sa<br><br>bilang ng taon mula nang ikaw ay ipinanganak.<br><br>**Kaarawan**-ang tawag sa araw ng iyong kapanganakan.<br><br>**Tirahan**- lugar kung saan kayo nakatira kasama ang buong pamilya.<br><br>**Miyembro ng Pamilya**- mga kasama sa tirahan. | 2. Ipatutukoy ng guro kung sino-sino ang mga nasa larawan at kung ano ang kaya nilang katangian, hilig o kakayahan.<br><br>3. Isusulat sa pisara ang mga katangian o kakayahan ng mga pinakitang larawan at babasahin ng guro kasunod ang mga mag-aaral.<br><br>4. Itatanong sa mga mag- aaral kung sino ang may kakayahang sumayaw, umawit, gumuhit, magpinta at iba pa. | salita sa pamamagitan ng pagbibigay ng halimbawa. | |
| ***Habang Itinuturo ang Aralin*** | | | | |
| *Pagbasa sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Sasabihin ng guro ang mga batayang impormasyon tungkol sa sarili gaya ng:<br><br>• Kompletong pangalan<br>• Katawagan / palayaw (nickname)<br>• Edad<br>• Kaarawan (araw ng kapanganakan) | Magpapakita ang guro ng larawan at plaskard ng salita tungkol sa larawan<br><br>Halimbawa:<br><br><br>Sumasayaw | Hahatiin ng guro ang mga mag-aaral sa apat na pangkat.<br><br>Ang bawat pangkat na nabuo ay uupo pabilog at isa-isang magpapakilala ang mga mag-aaral gamit | Laro:<br><br>Ipapaskil ng guro sa pisara ang mga salitang nagsasaad ng mga kakayahan o talento.<br><br>Sasabihin ng guro na pumila sa pangalan ng |

<table>
<tr>
<td></td>
<td>
<ul>
<li>Kasarian</li>
<li>Tahanan (address)</li>
<li>Pangalan ng miyembro ng pamilya</li>
</ul>
Itanong sa mga bata:
Ano-ano ang mahahalagang impormasyon tungkol sa guro?
</td>
<td>

Umaawit

Gumuguhit

Naggigitara

Nagpipinta
(Ref: www.canva.com)
Babasahin ng guro ang mga salita kasunod ng mga mag-aaral.
</td>
<td>
ang mga batayang impormasyon.
<ul>
<li>Ang pangalan ko ay __________.</li>
<li>Ang palayaw ko ay __________.</li>
<li>Ako ay _____ taong gulang.</li>
<li>Ipinanganak ako noong __________.</li>
<li>Ako ay nakatira sa ______.</li>
<li>_______kaming magkakapatid.</li>
<li>Ang pangalan nila ay ___________.</li>
</ul>
</td>
<td>
talento na taglay ng mga mag-aaral.
Itatanong ng guro:
<ol>
<li>Pare-pareho ba ang talentong taglay ng bawat isa? Bakit?</li>
<li>Paano mo mapapahalagahan ang taglay mong talento?</li>
<li>Paano mo mapahahalagahan ang talento ng kamg-aral mo?</li>
</ol>
</td>
</tr>
<tr>
<td>Pagpapaunlad ng Kaalaman at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya</td>
<td>
Maglalaro ang klase ng pasahang bola kasabay ng tugtog. Ipapasa ng mga bata ang bola sa kanilang katabi at kapag tumigil ang tugtog, ang batang may hawak ng bola ay magsasabi ng kaniyang pangalan.
“Ako po si _________.”
</td>
<td>
<ol>
<li>Gamit ang mga larawang ipinakita ng guro, hayaan ang mga mag-aaral na pumili ng larawan ng kaya nilang gawin.</li>
<li>Sasabihin ng mag-aaral nang buong pagmamalaki ang<br><br>“Ako ay mahusay sa __________.”</li>
</ol>
</td>
<td>
Ang bawat pangkat ay magpapakita ng kani-kanilang mga talento o kakayahan.
</td>
<td>
1. Sasabihin ng guro na iguhit sa unang kahon ang hilig gawin at sa pangalawang kahon ang hindi hilig gawin.
<table>
<tr><th>KAKAYAHAN</th><th>KAHINAAN</th></tr>
<tr><td></td><td></td></tr>
</table>
</td>
</tr>
</table>

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | "Kaya kong ________." | | 2. Sasabihin ng guro sa mga mag-aaral na tanungin ang katabi kung ano ang mga kakayahan at kahinaan at ikumpara ito sa iginuhit.<br><br>3. Tatanungin ng guro kung pagkakatulad o pagkakaiba ang kanilang mga kayang gawin at mga gusto pang gawin. |
| *Pagpapalalim ng Kaalaman*<br>*at Kasanayan sa Mahahalagang Pag-unawa/Susing Ideya* | Talakayin:<br>1. Ipaliliwanag ng guro ang kahalagahan ng mga batayang impormasyon<br><br>"Ang batayang impormasyon ay magagamit mo sa pagpapakilala sa iyong sarili." | Talakayin:<br>Ipaliliwanag ng guro na ang bawat mag-aaral ay may kaniya-kaniyang kakayahan, hilig o talento.<br><br>May mga kakayahan ang iba na kaya rin gawin ng nakararami at mayroon din naman hindi kayang gawin. Ipagmalaki ang natatanging kakayahan/hilig o talento at lalo pa itong paghusayan sa pamamagitan ng pag-eensayo. | Talakayin:<br>1. Babalik sa mga upuan ang mga bata.<br><br>2. Tumawag ng bata at hayaang pumili ng kamag-aral upang ipakilala sa buong klase.<br><br>3. Itatanong ng guro kung bakit niya napili ang kaklaseng ito.<br><br>Tanong:<br>1. Paano ninyo nakilala ng husto ang inyong mga kaklase?<br>2. Ano-anong mga impormasyon ang kanilang ibinigay/sinabi? | Talakayin:<br>Ipapaliwanag ng guro na ang bawat isa ay kakayahan at kahinaan. Mayroong natatanging kakayahan o talento ang bawat isa. Igalang ang mga bagay na hindi kayang gawin ng iba.<br><br>Itatanong ng guro:<br>1. Ano ang maaari mong gawin sa iyong kaklase kung mayroong bagay na hindi kayang gawin?<br><br>2. Ano naman ang maaari mo pang gawin upang mapaghusay/ mapaunlad pa lalo ang angking talento? |

| **Pagkatapos Ituro ang Aralin** | | | | |
|---|---|---|---|---|
| *Paglalapat at Paglalahat* | Tanong:<br><br>1. Ano-ano ang mga batayang impormasyon tungkol sa sarili?<br><br>2. Bakit mahalagang alam natin ang mga batayang impormasyon tungkol sa sarili?<br><br>Tukuyin kung anong impormasyon ang dapat sabihin sa mga sumusunod na sitwasyon:<br><br>1. May bago kang kaklase at nais mo siyang makilala. Ano ang dapat mong sabihin o itanong?<br><br>2. Ikaw ay nahiwalay sa iyong nanay habang kayo ay namamasyal sa mall.<br>Ano ang dapat mong sabihin sa guwardiya para madaling mahanap ang iyong nanay? | Tanong:<br><br>1. Ano-anong kakayahan, hilig o talento meron ka na mapagkikilanlan sa iyo bilang bata?<br><br>Sagot:<br><br>Ako po ay magaling/ mahusay sa _______<br><br>Paano mo ibinabahagi ang natatanging kakayahan/talento sa ibang tao?<br><br>*Ipapagawa sa worksheet:*<br><br>Tingnan ang mga larawan. Iguhit ang larawan ng masayang mukha ☺ kung hilig mong gawin ang sumusunod na gawain at malungkot na mukha ☹ kung hindi mo hilig ito.<br><br>1. Sumayaw<br><br><br>2. Magpinta<br> | Pangkatang Gawain: Hatiin sa 4 na pangkat ang klase.<br><br>Panuto: Pagsunod-sunurin ang sarili ayon sa:<br><br>1. Simulang letra ng pangalan *(Pagkatapos ng pagpila ay tatanungin ng guro sa bawat bata ang simulang letra ng pangalan at suriin kung tama ang pagkakasunod-sunod)*<br><br>6. Edad *(Pagkatapos ng pagpila ay tatanungin ng guro sa bawat bata ang edad at suriin kung tama ang pagkakasunod-sunod)* | Itanong:<br><br>1. Magkakatulad ba ang hilig gawin o talento ng bawat isa?<br><br>1.Magpapakita ang guro ng larawan ng mga gawain/talento.<br><br>2.Sasabihin ng guro na tumayo kung kayang gawin ang nasa larawan at umupo kung hindi kayang gawin.<br><br>Mga larawan:<br><br>Nagpipinta<br><br>Nagwawalis<br><br>Naghuhugas ng plato |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | 3. Lumangoy<br><br>4. Maggitara<br><br>5. Umawit<br> | | <br>Lumalangoy sa *pool*<br><br>Nagpupunas ng bintana o kagamitan sa bahay |
| *Pagtataya ng Natutuhan* | Gawain 1. Tatawagin ang guro ng bawat mag-aaral upang sabihin ang mga batayang impormasyon tungkol sa sarili.<br><br>Gawain 2: Punan ang mga patlang ng batayang impormasyon upang mabuo ang mga pangungusap.<br><br>1. Ang pangalan ko ay _______.<br>2. Ako ay ______ taong gulang.<br>3. Ipinanganak ako noong _______.<br>4. Ako ay nakatira sa ___________.<br>5. Ang aking mga magulang ay sina ________.<br><br>Gawain 3: Pagdugtungin ng guhit ang mga salita sa Hanay A at Hanay B.<br>Hanay A<br>1. Pangalan | 1. Magkaroon ng munting palatuntunan sa silid aralan kung saan ipakikita ng mga mag-aaral ang kanilang mga hilig o talento.<br><br>2.Panuto: Lagyan ng **/** kung ang pangungusap ay nagpapakita ng tiwala sa sarili at **X** kung hindi.<br><br>__1. Pinipilit tapusin ni Anya ang pagguhit kahit na siya ay nahihirapan.<br><br>__2. Palaging nag-eensayo si Jiro sa pag-awit bilang paghahansa | 1: Memory Name game:<br><br>Panuto:<br><br>A. Magpapakita ang guro ng letra.<br><br>B. Pumalakpak ng 3 beses kung mayroon silang kaklse na nagsisimula ang pangalan sa letrang ipinakita at pumadyak kung wala.<br><br>2. Panuto: Iguhit ang isang masayang | Isulat ang **<u>T</u>** sa patlang kung ang pangungusap ay Tama at **M** kung Mali<br><br>___1. Igalang ang kahinaan ng kamag-aral.<br><br>___2. Pagtawanan ang kaklase kung hindi nagawa nang maayos ang gawain.<br><br>___3. Lahat ng bata ay parehas ng hilig gawin.<br><br>___4. Magagawa nang maayos ang mga bagay |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | 2. Edad<br>3. Kaarawan<br>4. Tirahan<br>5. Kasarian<br><br>Hanay B<br>A. 6 na taong gulang<br>B. 123 Masaya St., Manila<br>C. Enero 10, 2017<br>D. Babae/Lalake<br>E. Anna A. Vergara | sa kanilang palatuntunan sa paaralan.<br><br>__3. Buong giliw na ipinakita ni Rina ang husay niya sa pagsayaw.<br><br>__4. Umiyak na lang si Nilo dahil nahihirapan siyang tapusin ang pagkulay.<br><br>__5. Hindi nawalan ng pag-asa na mananalo sa susunod na patimpalak si Lita. | mukha ☺ kung ang pangungusap ay nagsasaad ng batayang impormasyon sa sarili at dalawang masayang mukha☺☺ kung nagsasaad ng mga hilig, talento o kakayahan.<br><br>1. Mahusay magbasa si Ara.<br>2. Si Dino ay magaling magdrowing.<br>3. Si Ena ay nakatira sa Sta. Cruz.<br>4. Ang palayaw ni Cristina ay Tintin.<br>5. Magaling sumayaw si Ria. | kung may tiwala sa sarili.<br><br>___5. Ang bawat mag-aaral ay may angking kakayahan/talento. |
| *Mga Dagdag na Gawain para sa Paglalapat o para sa Remediation (kung nararapat)* | Sabihin:<br><br>Sa tulong ng magulang o tagapangalaga, isulat sa kuwaderno ang iba pang impormasyon ng mag-aaral katulad ng:<br><br>1.Kumpletong Pangalan<br><br>2. Edad | Sabihin:<br><br>Magdikit ng larawan sa kuwaderno ng natatanging kakayahan at isulat sa ibaba ng larawan ang pangungusap na<br><br>“Kaya kong ________.”<br>“Ako ay mahusay sa | Sabihin:<br><br>Isulat sa larawang puso ang pangalan ng bagong kaklase na katabi sa upunan. Magbigay ng isang katangian o talento na mayroon siya. Pagkatapos, ibigay ito | Sagutin:<br><br>Paano mo ipinapakita ang tiwala sa sarili sa pagpapakita ng hilig gawin o talento? |

| | | | | |
|---|---|---|---|---|
| | | _________." | sa kanya. | |
| *Mga Tala* | (Itatala ng guro ang naging resulta ng pagtataya at kung ano ang mga karagdagang gawain kaugnay ng resulta ng aralin) | (Itatala ng guro ang naging resulta ng pagtataya at kung ano ang mga karagdagang gawain kaugnay ng resulta ng aralin) | (Itatala ng guro ang naging resulta ng pagtataya at kung ano ang mga karagdagang gawain kaugnay ng resulta ng aralin) | (Itatala ng guro ang naging resulta ng pagtataya at kung ano ang mga karagdagang gawain kaugnay ng resulta ng aralin) |
| *Repleksiyon* | Magpapagawa ang guro ng *name tag* na naglalaman ng mga batayang impormasyon ng mag-aaral. | Tandaan:<br>Magtiwala sa sariling kakayahan at maging magalang sa lahat ng oras. | Tandaan:<br>Panatilihin ang tiwala sa sarili at maging magalang sa lahat ng oras. | Tandaan:<br>Panatilihin ang tiwala sa sarili at maging magalang sa lahat ng oras. |